

LUGAR NG LOKAL NA PAGPAPLANO PARA SA ESPESYAL NA EDUKASYON NG
ORANGE
ORANGE UNIFIED SCHOOL DISTRICT

Abiso sa Magulang/Tagapag-alaga/Kahaliling Magulang
Abiso sa mga Pamamaraang Pananggalang

Ang abisong ito ay ipinagkakaloob sa inyo bilang mga magulang, legal na tagapag-alaga, kahaliling magulang o hinirang ng hukuman na may hawak ng mga karapatan sa edukasyon, dahil ang inyong anak ay tumatanggap ng mga serbisyo para sa espesyal na edukasyon o ini-refer para sa posibleng pagkakatalaga sa espesyal na edukasyon. Ang impormasyong ito ay ang inyong Notice of Procedural Safeguards (Abiso sa mga Pamamaraang Pananggalang o Abiso) gaya ng iniaatas sa ilalim ng Individuals with Disabilities Education Act (IDEA, Batas sa Edukasyon para sa mga may Kapansanan). Ang IDEA ay isang pederal na batas na nag-aatas sa mga distrito ng paaralan na magkaloob ng "free appropriate public education" (FAPE, libreng naaangkop na pampublikong edukasyon) sa mga karapat-dapat na batang may mga kapansanan, gaya ng higit pang paglalarawan sa ibaba. Ipagkakaloob din ang Abisong ito sa mga estudyanteng nararapat sa mga karapatang ito sa edad na labing-walong (18) taong gulang. Layunin ng Abisong ito ang ipaliwanag sa inyo ang inyong mga karapatan bilang magulang ng batang may mga kapansanan sa ilalim ng mga pederal na batas at batas ng estado. Sa California, ang espesyal na edukasyon ay ipinagkakaloob sa mga batang may kapansanan sa pagitan ng kapanganakan at ikadalawampu't dalawang (ika-22) kaarawan ng estudyante. Pinoprotektahan kayo at ang inyong anak ng mga pederal na batas at batas ng estado sa kabuuan ng mga pamamaraan para sa pagsusuri at pagtukoy ng pagtatalaga at mga serbisyo sa espesyal na edukasyon. Ang mga magulang ng mga batang may mga kapansanan ay may karapatang makibahagi sa proseso ng individualized education program (IEP, programa ng nakapang-indibidwal na edukasyon), kabilang ang pagbuo ng IEP, at mabigyan ng kaalaman ng tungkol sa pagkakaroon ng FAPE at ng lahat ng alternatibong programang mayroon, kabilang ang mga programang pampubliko at hindi pampubliko.

1
2 Isang kopya ng Abisong ito ang ibibigay sa inyo nang isang beses lamang sa taon
3 ng pag-aaral; maliban sa kopyang dapat ding ibigay sa inyo (1) sa paunang referral o inyong
4 kahilingan para sa pagsusuri; (2) sa panahon ng pagtanggap ng unang paghahain ng
5 reklamo sa estado o reklamo sa kaukulang proseso sa taon ng pag-aaral; (3) kapag
6 nagpasyang gumawa ng pandisiplinang pagbabago sa pagtatalaga; o (4) kung inyong
7 hihilingin. May karapatan kayong tumanggap ng Abisong ito sa inyong
8 pangunahin/katutubong wika o iba pang paraan ng komunikasyon, maliban kung malinaw
9 na hindi posibleng gawin ito. Ang Abisong ito ay maaari ring isalin nang pasalita sa inyo
10 kung ang inyong pangunahin/katutubong wika o iba pang paraan ng komunikasyon ay hindi
11 isang isinusulat na wika. Isang kopya ng Abisong ito ang makukuha sa website ng
12 Orange Unified School District sa www.orangeusd.org.3

13 Ang mga depinisyon sa ibaba ay makatutulong sa inyong maunawaan ang Abiso sa
14 mga karapatang ipinagkakaloob dito.

15 (20 U.S.C. seksyon 1415(d); 34 C.F.R. mga seksyon 300.29 at 300.504; Kodigo ng
16 Edukasyon mga seksyon 56021.1(a), 56301(d)(2), 56321(b), at 56506(a).)

18 MGA DEPINISYON

19 Ang mga Batang may mga Kapansanan na tinutukoy rin bilang mga indibidwal na may
20 mga eksepsiyonal na pangangailangan ay inilalarawan ng pederal na batas at batas ng
21 estado bilang kinabibilangan ng mga batang may mga kapansanang intelektwal,
22 kapansanan sa pandinig (kabilang ang kawalan ng kakayahang makarinig), kapansanan sa
23 pananalita o wika, kapansanan sa paningin (kabilang ang kawalan ng kakayahang
24 makakita), pagkagambala sa emosyon, kapansanang ortopediko, autismo, traumatic brain
25 injury (may trauma na pinsala sa utak), iba pang mga kapansanan sa kalusugan, partikular
26 na kapansanan sa pag-aaral, kawalan ng kakayahang makarinig-makakita; at sa
27 kadahilanang ito, ang mga nangangailangan ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na
28 serbisyo.

29 (20 U.S.C. seksyon 1402(3); 34 C.F.R. seksyon 300.8; Kodigo ng Edukasyon seksyon
30 56026; 5 Kodigo ng mga Regulasyon ng California (CCR) seksyon 3030.)

1 Ang Pagsusuri ay nangangahulugang pagtatasa sa inyong anak gamit ang iba't ibang
2 pagsusulit at panukat alinsunod sa mga batas ng estado at pederal na batas upang
3 malaman kung ang inyong anak ay may kapansanan at ang katangian at abot ng espesyal
4 na edukasyon at mga kaugnay na serbisyong kailangan ng inyong anak para sa kanyang
5 kapakinabangang pang-edukasyon. Isa-isang pinili ang mga kasangkapan sa pagtatasa
6 para sa inyong anak at pinangangasiwaan ng mga may kasanayan at may kaalamang
7 propesyonal na nagtatrabaho o nakakontra sa distrito ng paaralan. Hindi kasama sa mga
8 pagsusulit na ito ang mga pangunahing pagsusulit na ibinibigay sa lahat ng bata sa
9 paaralan.

10 (34 C.F.R. mga seksyon 300.15, 300.304 – 300.311; Kodigo ng Edukasyon mga seksyon
11 56302.5 at 56320.)

13 Ang Individualized Education Program (IEP, Programa ng Nakapang-indibidwal na
14 Edukasyon) ay inilalarawan bilang nakasulat na dokumentong binuo ng pangkat ng IEP ng
15 inyong anak na kinabibilangan ng hindi bababa sa lahat ng sumusunod: (1) mga
16 kasalukuyang antas ng natamasa sa pag-aaral at mga punsyonal na pagganap; (2) mga
17 masusukat na taunang mithiin; (3) isang paglalarawan ng kung paano susukatin ang pag-
18 unlad ng bata tungo sa pagtugon sa mga taunang mithiin at kung kailan ibibigay ang mga
19 pana-panahong ulat tungkol sa pag-unlad ng bata tungo sa pagtugon sa mga taunang
20 mithiin; (4) isang pahayag sa espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo at mga
21 karagdagang tulong at serbisyong ipagkakaloob sa bata; (5) isang paliwanag ng abot ng
22 kung saan hindi makikilaok ang bata sa mga batang walang kapansanan sa mga programa
23 ng pangkalahatang edukasyon; (6) isang paliwanag ng anumang mga indibidwal na
24 naaangkop na akomodasyon na kailangan upang masukat ang natamasa sa pag-aaral at
25 punsyonal na pagganap ng bata sa mga pagtatasa sa estado at buong distrito; at (7) ang
26 inaasahang petsa para sa pagsisimula at inaasahang itatagal, dalas at lokasyon ng mga
27 programa, serbisyo at pagbabagong nakapaloob sa IEP.

28 (20 U.S.C. seksyon 1414(d); 34 C.F.R. mga seksyon 300.22, 300.320-300.324; Kodigo ng
29 Edukasyon seksyon 56345.)

1 Ang Free Appropriate Public Education (FAPE, Libreng Naaangkop na
2 Pampublikong Edukasyon) ay inilalarawan bilang espesyal na edukasyon at mga
3 kaugnay na serbisyong: (1) ipinagkakaloob na sagutin ng pamahalaan, sa ilalim ng
4 pampublikong pangangasiwa at direksyon, at hindi sinisingil sa inyo; (2) tumutugon sa mga
5 pamantayan ng California Department of Education (CDE, Kagawaran ng Edukasyon ng
6 California); (3) ipinagkakaloob bilang pag-ayon sa nakasulat na IEP na binuo para sa inyong
7 anak upang igawad ang kapakinabangang pang-edukasyon; (4) ipinagkakaloob sa isang
8 naaangkop na programa ng paaralang preschool, elementarya o sekundarya ng Estado, o
9 sa isang hindi pampublikong paaralan kung walang naaangkop na programa sa distrito ng
10 paaralan.

11 (20 U.S.C. seksyon 1402(9); 34 C.F.R. seksyon 300.17; Kodigo ng Edukasyon seksyon
12 56040.)

13
14 Ang Least Restrictive Environment (LRE, Kapaligirang may Pinakakaunting
15 Restriksyon) ay nangangahulugan na sa abot ng pinakanaaangkop, ang mga batang may
16 mga kapansanan ay pag-aaralin kasama ang mga batang walang kapansanan, at na ang
17 mga espesyal na klase, hiwalay na pag-aaral, o iba pang pag-aalis sa mga batang may mga
18 kapansanan mula sa kapaligiran ng regular na edukasyon ay mangyayari lamang kapag sa
19 katangian ng kalubhaan ng kapansanan ay hindi maisasakatuparan nang kasiya-siya ang
20 edukasyon sa mga regular na klase na gamit ang mga karagdagang tulong at serbisyo.

21 (20 U.S.C. seksyon 1412(a)(5); 34 C.F.R. seksyon 300.114; Kodigo ng Edukasyon seksyon
22 56040.1.)

23
24
25 Ang mga Kaugnay na Serbisyo ay nangangahulugang transportasyon at mga naturang
26 serbisyo para sa paglaki, pagtatama at sumusuporta na maaaring kailanganin upang
27 tulungan ang isang batang may kapansanan na makinabang sa espesyal na edukasyon,
28 kabilang ang maagang pagtuklas at pagtatasa ng mga kondisyong nagdudulot ng
29 kapansanan. Maaari ring maging kabilang sa mga kaugnay na serbisyo ang:

- 30
31 1. Patolohiya sa pananalita-wika at mga serbisyo sa awdyolohiya.

2. Mga serbisyo sa pagsasalin.
3. Mga serbisyong pansikolohiya.
4. Pisikal na terapiya at occupational therapy.
5. Libangan, kabilang ang libangang nagbibigay ng terapiya.
6. Mga serbisyong counseling, kabilang ang counseling para sa rehabilitasyon.
7. Oryentasyon at mga serbisyo sa mobilidad.
8. Mga serbisyong pangkalusugan sa paaralan at mga serbisyo ng nars sa paaralan.
9. Mga medikal na serbisyo para sa mga layunin lamang ng diagnosis o pagsusuri.
10. Mga serbisyong social work.
11. Counseling at pagsasanay sa magulang.

(20 U.S.C. seksyon 1402(26); 34 C.F.R. seksyon 300.34; Kodigo ng Edukasyon seksyon 56363.)

Ang Espesyal na Edukasyon ay nangangahulugang pagtuturong may espesyal na disenyo, nang walang bayad para sa mga magulang, upang matugunan ang mga katangitanging pangangailangan ng isang batang may kapansanan, kabilang ang pagtuturong isinasagawa sa klase, sa bahay, sa mga ospital at institusyon, at sa ibang kapaligiran, at pagtuturo sa pisikal na edukasyon.

(20 U.S.C. seksyon 1402(29); 34 C.F.R. seksyon 300.39; Kodigo ng Edukasyon seksyon 56031.)

KUMPIDENSYALIDAD AT ACCESS SA MGA REKORD NA PANG-EDUKASYON

Ang lahat ng magulang ng batang naka-enrol sa distrito ng paaralan ay may karapatang siyasatin ang mga rekord na pang-edukasyon ng kanilang anak sa ilalim ng pederal na Family Educational Rights and Privacy Act (FERPA, Batas sa mga Karapatan at Pagkapribado ng Pamilya Hinggil sa Edukasyon), at ng Kodigo ng Edukasyon ng California. Sa ilalim ng mga pederal na batas at batas ng estado, ang mga magulang ng batang may mga kapansanan (kabilang ang mga magulang na walang kustodya na ang mga karapatan ay hindi naging limitado) ay ipinagpapalagay na at mayroong karapatang siyasatin at pag-

1 aralan ang lahat ng rekord na pang-edukasyon tungkol sa kanilang anak maliban kung
2 ipinaalam sa distrito ng paaralan na ang magulang ay walang awtoridad na gawin ito sa
3 ilalim ng mga naaangkop na batas ng estado. Kabilang dito ang karapatang siyasatin at
4 pag-aralan ang lahat ng rekord na pang-edukasyon pagdating sa pagtukoy, pagsusuri,
5 pagtatalaga sa edukasyon at ang pagkakaloob ng FAPE, pati na rin ang pagtanggap ng
6 paliwanag at interpretasyon sa mga rekord ng walang hindi kinakailangang pagkaantala,
7 kabilang ang bago ang pagpupulong tungkol sa IEP ng inyong anak o bago ang sesyon sa
8 resolusyon o pagdinig sa kaukulang proseso. Sa ilalim ng mga batas ng California, may
9 karapatan ang mga magulang na pag-aralan at tumanggap ng mga kopya ng mga rekord na
10 pang-edukasyon. May karapatan din kayong magkaroon ng kinatawang magsisiyasat at
11 pag-aaralan ang mga rekord nang alinsunod sa FERPA. These rights transfer to a pupil
12 upon their eighteenth (18th) birthday unless the pupil has had a conservator appointed by a
13 court to assume the educational rights of the pupil.

14
15 Ang mga rekord na pang-edukasyon ay mga rekord na direktang nauugnay sa
16 inyong anak at pinananatili ng distrito ng paaralan, o ng isang ahensya, o institusyong
17 kumikilos sa ngalan ng distrito ng paaralan na kumokolekta, nagpapanatili, o gumagamit ng
18 personal na matutukoy na impormasyon, o mula kung saan nakukuha ang impormasyon.
19 Higit pang inilalarawan ng parehong mga pederal na batas at batas ng estado ang rekord na
20 pang-edukasyon o rekord ng mag-aaral bilang anumang aytem ng impormasyong direktang
21 nauugnay sa isang matutukoy na mag-aaral, bukod sa impormasyon sa direktoryo, na
22 pinananatili ng distrito ng paaralan, ito man ay inirekord sa pamamagitan ng pagsulat, pag-
23 prinit, computer media, video o audio tape, film, microfilm, microfiche, o sa pamamagitan ng
24 ibang mga paraan. Kung ang mga rekord ay naglalaman ng impormasyon tungkol sa
25 mahigit sa isang bata, mayroon lamang kayong access sa bahaging iyon ng rekord na
26 tungkol sa inyong anak. Dapat panatilihin ng distrito ng paaralan ang rekord ng mga panig
27 na kumukuha ng access sa mga rekord na pang-edukasyon na kinokolekta, pinananatili, o
28 ginagamit sa ilalim ng IDEA na bukod sa mga empleyado ng distrito ng paaralan nang
29 alinsunod sa FERPA.

1 Dapat protektahan ng distrito ng paaralan ang kumpidensyalidad ng personal na
2 matutukoy na impormasyon sa mga yugto ng pagkolekta, pagtatabi, pagsisiwalat at pagsira.
3 Ang lahat ng taong nangongolekta o gumagamit ng personal na matutukoy na
4 impormasyon ay dapat tumanggap ng pagsasanay o tagubilin tungkol sa mga patakaran at
5 pamamaraan ng estado sa ilalim ng IDEA at FERPA. Ang bawat distrito ng paaralan ay
6 dapat magpanatili, para sa pagsisiyasat ng publiko, ng kasalukuyang listahan ng mga
7 pangalan at posisyon ng mga empleyadong iyon na maaaring mayroong access sa
8 personal na matutukoy na impormasyon.

9
10 Dapat ipaalam sa inyo ng distrito ng paaralan kung kailan hindi na kailangan ang
11 impormasyong kinolekta, pinanatili o ginamit sa ilalim ng IDEA upang magbigay ng mga
12 serbisyong pang-edukasyon sa inyong anak. Sa pagtanggap ng abiso na ang mga rekord
13 ay hindi na kailangan sa distrito ng paaralan, maaari ninyong hilinging sirain mga rekord, na
14 isasagawa sa pamamagitan ng pisikal na pagsira o sa pamamagitan ng pag-alis sa mga
15 personal na pantukoy mula sa mga rekord nang sa gayon ay hindi na personal na
16 matutukoy ang impormasyon. Ngunit, obligado ang distrito ng paaralang magpanatili ng
17 permanenteng rekord para sa bawat bata.

18
19 Maaaring kabilang sa personal na matutukoy na impormasyon ang (1) pangalan ng
20 bata, magulang ng bata o miyembro ng pamilya; (2) address ng bata; (3) personal na
21 pantukoy gaya ng numero ng social security ng bata, numero ng estudyante, numero ng file
22 sa hukuman, o biyometrikong record; (4) iba pang mga hindi direktang pantukoy gaya ng
23 petsa ng kapanganakan, lugar ng kapanganakan ng bata at ang apelyido ng ina bago nag-
24 asawa; (5) listahan ng mga personal na katangian o iba pang impormasyon na gagawing
25 possible ang pagtukoy sa bata nang may makatwirang katiyakan. Dapat makuha ang
26 pahintulot ng magulang bago isiwalat ang personal na matutukoy na impormasyon sa mga
27 panig na bukod sa mga empleyado ng distrito ng paaralan at nang alinsunod sa FERPA.

28
29 Ang tagapag-ingat ng mga rekord sa bawat paaralan ay ang punong-guro ng
30 paaralan. Ang tagapag-ingat ng mga rekord sa distrito ay ang Departamento ng Serbisyo
31 para sa Mag-aaral at Komunidad. Ang mga rekord ng mag-aaral ay maaaring panatilihin

1 sa paaralan o sa tanggapan ng distrito, ngunit ang nakasulat na kahilingan para sa mga
2 rekord sa alinmang lugar ay ituturing na kahilingan para sa mga rekord na mula sa lahat ng
3 lugar. Ang tagapag-ingat ng mga rekord ay magbibigay sa inyo ng listahan ng mga uri at
4 lokasyon ng mga rekord ng mag-aaral (kung hihilingin). Maaaring gumawa ng kahilingan
5 para sa kopya ng mga rekord ng espesyal na edukasyon ng inyong anak para sa Direktor ng
6 Espesyal na Edukasyon ng Distrito.

7
8 Ang pag-aaral at/o mga kopya ng mga rekord na pang-edukasyon ay ibibigay sa
9 magulang sa loob ng limang (5) araw ng tanggapan pagkatapos humiling ang magulang
10 nang pasalita o nakasulat. Isang singil para sa mga kopya, ngunit hindi ang gastos sa
11 pananaliksik at pagkuha, ang pagpapasyahan nang ayon sa lokal na patakaran at isisingil
12 maliban kung ang pagsingil ay epektibong pipigil sa magulang na gamitin ang karapatang
13 tumanggap ng mga kopya. Sa oras na maibigay ang kumpletong kopya ng mga rekord,
14 ipapataw ang singil para sa mga karagdagang kopya ng mga parehong rekord.

15
16 Kung naniniwala kayo na ang impormasyon sa rekord na pang-edukasyon na
17 kinokolekta, pinananatili o ginagamit ng distrito ng paaralan at hindi tumpak, mapanlinlang
18 o lumalabag sa pagkapribado o ibang mga karapatan ng bata, maaari ninyong hilingin sa
19 paraang nakasulat na baguhin ng distrito ng paaralan ang impormasyon. Kung sumasang-
20 ayon ang distrito ng paaralan sa inyong kahilingan, babaguhin ang rekord at ipapaalam sa
21 inyo sa loob ng makatwirang panahon pagkatapos matanggap ang kahilingan. Kung
22 tatanggihan ng distrito ng paaralan ang pagbabago sa impormasyon gaya ng hiniling,
23 aabisuhan kayo ng distrito ng paaralan ng karapatan sa pagdinig upang mapagpasyahan
24 kung ang hinahamang impormasyon ay hindi tumpak, mapanlinlang, o kung hindi ay
25 lumalabag sa pagkapribado o iba pang mga karapatan ng inyong anak. Kung hihiling kayo
26 ng pagdinig, ipagkakaloob ito ng distrito ng paaralan, sa loob ng makatwirang panahon, na
27 dapat isagawa nang alinsunod sa mga pamamaraan para sa mga naturang pagdinig sa
28 ilalim ng FERPA.

29
30 Kung bilang resulta ng pagdinig ay nagpasya ang distrito ng paaralan na hindi
31 babaguhin ang rekord, mayroon kayong karapatang magbigay ng pinaniniwalaan ninyong

1 nagtatamang nakasulat na pahayag na permanenteng ilalakip na sinasalungat na rekord at
2 ibibigay rin kung ang sinasalungat na rekord ay isinisiwalat sa sinumang panig. Ang
3 karagdagang impormasyon tungkol sa inyong karapatang i-access at hamunin ang mga
4 rekord na pang-edukasyon ay makukuha sa Annual Notice of Parent Student Rights and
5 Responsibilities (Taunang Abiso sa mga Karapatan at Responsibilidad ng Magulang at
6 Estudyante) ng Distrito.

7 (20 U.S.C. seksyon 1232g; 34 C.F.R. mga seksyon 99.1-99.67; 34 C.F.R. mga seksyon
8 300.610-300.625, 300.613;Kodigo ng Edukasyon mga seksyon 48980, 49060-49079; Kodigo
9 ng Edukasyon mga seksyon 56041.5, 56043(n) at 56504; 5 CCR seksyon 432(b)(1).)

11 PAUNANG NAKASULAT NA ABISO

12 Inaatasan ng IDEA ang mga distrito ng paaralan na magbigay ng paunang nakasulat
13 na abiso sa inyo bilang magulang ng batang may mga kapansanan kapag ang distrito ng
14 paaralan ay nagmumungkahi o tumatangging simulan o baguhin ang pagtukoy, pagsusuri o
15 pagtatalaga sa edukasyon ng inyong anak o pagkakaloob ng FAPE sa inyong anak o kung
16 babawiin ninyo ang pahintulot sa paraang nakasulat para sa patuloy na pagkakaloob ng
17 espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo. Ibibigay ang abiso sa inyong
18 katutubong wika o iba pang paraan ng komunikasyong ginagamit ninyo, maliban kung
19 malinaw na hindi posibleng gawin ito, at dapat ibigay sa inyo sa loob ng makatwirang
20 panahon.

21
22 Dapat isama sa paunang nakasulat na abiso ang:

- 23 1. Paglalarawan ng aksyong iminumungkahi o tinatanggihan ng distrito
24 ngpaaralan.
- 25 2. Paliwanag sa kung bakit nagmumungkahi o tumatangging umaksyon ang
26 distrito ng paaralan.
- 27 3. Paglalarawan sa bawat pamamaraan ng pagsusuri, pagtatasa, rekord o ulat
28 na ginamit ng distrito ng paaralan bilang batayan para sa iminumungkahi o
29 tinatanggihang aksyon.
- 30 4. Paglalarawan sa iba pang mga opsyong isinaalang-alang ng pangkat ng IEP
31 at mga dahilan kung bakit tinanggihan ang mga opsyong iyon.

- 1 5. Paglalarawan sa iba pang mga salik na nauukol sa mungkahi o pagtanging
2 distrito ng paaralan.
- 3 6. Pahayag na ang mga magulang ng batang may kapansanan ay may
4 proteksyon sa ilalim ng mga pamamaraang pananggalang ng IDEA, at kung
5 ang abisong ito ay hindi ang paunang referral para sa pagsusuri, ang paraan
6 kung saan ang kopya ng paglalarawan sa mga pamamaraang pananggalang
7 ay maaaring makuha.
- 8 7. Mga pagmumulan para kontakin ng mga magulang upang makakuha ng
9 tulong sa pag-unawa ng mga probisyon ng bahaging ito.
- 10 (20 U.S.C. seksyon 1415(c); 34 C.F.R. mga seksyon 300.503 at 300.300(b)(4); Kodigo ng
11 Edukasyon seksyon 56500.4.)

12 13 MAY KABATIRANG PAHINTULOT NG MAGULANG

14 Iniaatas ng IDEA na kumuha ang mga distrito ng paaralan ng may kabatirang
15 pahintulot mula sa inyo bago ang pagsisimula ng paunang pagsusuri sa inyong anak upang
16 mapagpasyahan kung siya ay kwalipikado bilang isang batang may mga kapansanan. Ang
17 may kabatirang pahintulot ay nangangahulugang ganap na ipinaalam sa inyo sa inyong
18 katutubong wika, o sa ibang paraan ng komunikasyon, ang lahat ng impormasyon tungkol
19 sa aksyong bibigyan ninyo ng pahintulot at na sa paraang nakasulat ay nauunawaan at
20 sumasang-ayon kayo sa pagsasagawa ng aktibidad na hinihingan ng pahintulot, gaya ng
21 pagsusuri o desisyon sa pagtatalaga sa edukasyon para sa inyong anak. Ang inyong
22 pahintulot ay boluntaryo at maaaring iurong sa anumang oras. Kung iurong/babawiin
23 ninyo ang pahintulot, ang pagbawi ay hindi retroaktibo, hindi nito ipapawalang-saysay ang
24 aksyong isinagawa pagkatapos ibinigay ang pahintulot at bago binawi ang pahintulot.

25
26 Ang inyong pahintulot para sa paunang pagsusuri ay hindi nangangahulugan o
27 naggagawad ng pahintulot para sa pagtatalaga o pagtanggap ng espesyal na edukasyon o
28 mga kaugnay na serbisyo. Hihilingin ng distrito ng paaralan ang inyong pahintulot para sa
29 espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo nang hiwalay at sa kalaunang petsa.
30 Kukunin din ng distrito ng paaralan ang inyong may kabatirang pahintulot para sa mga
31 muling pagsusuri sa inyong anak at hindi magsasagawa ng muling pagsusuri maliban kung

1 gumawa ito ng mga makatwirang hakbang upang makuha ang inyong pahintulot at hindi
2 kayo tumugon sa mga kahilingan para sa inyong pahintulot.

3
4 Kung hindi kayo magbibigay ng pahintulot para sa paunang pagtatasa o hindi
5 tumugon sa kahilingang magbigay ng pahintulot, maaaring ipagpatuloy ng distrito ng
6 paaralan ang paunang pagtatasa sa pamamagitan ng paggamit ng mga paglilitis sa
7 kaukulang proseso.

8
9 Kung tatanggihan ninyo ang pahintulot sa pagsisimula ng espesyal na edukasyon at
10 mga kaugnay na serbisyo, hindi dapat magkaloob ang distrito ng paaralan ng espesyal na
11 edukasyon at mga kaugnay na serbisyo at hindi susubukang ipagkaloob ang mga serbisyo
12 sa pamamagitan ng mga paglilitis sa kaukulang proseso.

13
14 Kung sa anumang oras pagkatapos ng unang pagkakaloob ng espesyal na
15 edukasyon at mga kaugnay na serbisyo ay binawi ninyo ang pahintulot sa paraang
16 nakasulat para sa patuloy na pagkakaloob ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na
17 serbisyo pagkatapos pahintulutan ang mga serbisyong iyon noong nakaraan, dapat kayong
18 bigyan ng distrito ng paaralan ng paunang nakasulat na abiso bago ihinto ang pagkakaloob
19 ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo sa inyong anak at hindi susubukang
20 ipagkaloob ang mga serbisyo sa pamamagitan ng mga paglilitis sa kaukulang proseso.
21 Kung magsusumite kayo ng nakasulat na pagbawi ng pahintulot pagkatapos ng unang
22 pagkakaloob ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo sa inyong anak, hindi
23 inaatasan ang distrito ng paaralang baguhin ang mga rekord na pang-edukasyon ng inyong
24 anak upang alisin ang anumang tumutukoy sa pagtanggap ng inyong anak ng espesyal na
25 edukasyon at mga serbisyo.

26
27 Kung pinahihintulutan ninyo sa paraang nakasulat ang pagtanggap ng espesyal na
28 edukasyon at mga kaugnay na serbisyo para sa inyong anak ngunit hindi pinahihintulutan
29 ang lahat ng bahagi ng IEP, ang mga bahaging iyon ng programa na inyong pinahintulutan
30 ang dapat ipatupad upang hindi maantala ang pagkakaloob ng pagtuturo at mga serbisyo.
31 Kung napagpasyahan ng distrito ng paaralan na ang iminumungkahing bahagi ng programa

1 ng espesyal na edukasyon na hindi ninyo pinahihintulutan ay kailangan upang magkaloob
2 ng libreng naaangkop na pampublikong edukasyon sa inyong anak, dapat maghain ang
3 distrito ng paaralan ng kahilingan para sa pagdinig sa kaukulang proseso. Kung isinagawa
4 ang pagdinig sa kaukulang proseso, ang desisyon sa pagdinig ay magiging pinal at dapat
5 sundin, maliban kung inapela sa loob ng 90 araw mula sa petsa ng desisyon.

6
7 Sa kaso ng mga muling pagsusuri, dapat idokumento ng distrito ng paaralan ang
8 mga makatwirang hakbang upang makuha ang inyong pahintulot. Kung hindi kayo tutugon,
9 maaaring ipagpatuloy ng distrito ng paaralan ang muling pagsusuri nang wala ang inyong
10 pahintulot.

11 (20 U.S.C. mga seksyon 1414(a)(1)(D), 1414(c) at 1415; 34 C.F.R. mga seksyon 300.9 at
12 300.300, 300.514 at 300.516; Kodigo ng Edukasyon mga seksyon 56021.1, 56321(c) at (d),
13 56346, 56381(f) at 56506(e).)

14
15 Kapag hindi matukoy ang magulang at hindi mahanap ng distrito ng paaralan ang
16 magulang upang makakuha ng pahintulot, dapat tiyakin ng distrito ng paaralan na may
17 indibidwal na itinalaga upang kumilos bilang kahalili para sa mga magulang ng batang may
18 kapansanan. Maaari ring humirang ng isang kahaliling magulang para sa walang kasamang
19 kabataan o batang walang tirahan na dumedepende o nasa pangangalaga at walang
20 hinirang na kinatawang pang-edukasyon ang Hukuman.

21 (20 U.S.C. seksyon 1415(b)(2); 34 C.F.R. seksyon 300.519; Kodigo ng Edukasyon seksyon
22 56050; Mga Patakaran ng CA sa mga Patakaran sa Hukuman 5.650.)

23 24 PROTEKSYON SA MGA PAMAMARAAN NG PAGSUSURI

25 Ginagamit ng pederal na batas ang "pagsusuri" at ginagamit ng batas ng California
26 ang "pagtatasa". Kaya't maaaring ipagpalitan ang mga salitang ito ng mga empleyado ng
27 distrito ng paaralan at sa Abisong ito. Dapat kang bigyan ng distrito ng paaralan ng
28 nakasulat na plano ng pagtatasa o paunang nakasulat na abiso sa loob ng labinlimang (15)
29 araw pagkatapos matanggap ang referral para sa espesyal na edukasyon, kabilang ang
30 inyong nakasulat na kahilingan para sa pagsusuri. Magkakaroon kayo ng pinakamababang
31 labinlimang (15) araw upang pag-aralan ang plano ng pagtatasa at upang magbigay ng

1 pahintulot sa distrito ng paaralan na magsagawa ng nakasulat na pagtatasa. Ang
2 iminumungkahing plano ng pagtatasa ay ibibigay sa inyo sa inyong katutubong wika o iba
3 pang paraan ng komunikasyong ginagamit, maliban kung malinaw na hindi posibleng gawin
4 ito, at kabibilangan ng mga sumusunod: mga uri ng pagtatasang isasagawa, abiso na
5 walang programang pang-edukasyon ang bubuuin mula sa pagtatasa nang wala ang inyong
6 pahintulot, paglalarawan ng anumang mga isinagawang pagtatasa kamakailan, kabilang
7 ang anumang mga makukuhang independiyenteng pagtatasa at anumang impormasyon sa
8 pagtatasa na nais ninyong maisaalang-alang, at impormasyong nagsasaad ng pangunahing
9 wika ng inyong anak at ang kahusayan ng inyong anak sa kanyang pangunahing wika.
10 Maaari kayong humiling ng pagtatasa sa mga karagdagang aspeto ng pinaghihinalaang
11 kapansanan. Pagkatapos nito, ang distrito ng paaralan ay mayroong animnapung (60) araw
12 pagkatapos matanggap ang inyong nakasulat na pahintulot upang kumpletuhin ang
13 pagtatasa at buuin ang IEP upang mapagpasyahan ang mga pangangailangang pang-
14 edukasyon ng inyong anak. Ngunit pinalalawig ang pagsasapanahong ito ng mga panahong
15 walang pasok o bakasyon, kung tumanggi kayong padaluhin ang inyong anak sa pagtatasa,
16 o kung ang inyong anak ay lumipat sa ibang paaralan at kayo at ang tumatanggap na
17 distrito ng paaralan ay nagkasundo sa espesipikong panahon kung kailan kukumpletuhin
18 ang pagtatasa.

19
20 Isinasaad sa IDEA na sa pagsasagawa ng pagsusuri, ang distrito ng paaralan ay:

- 21
- 22 1. Gagamit ng iba't ibang kasangkapan at istrategiya sa pagtatasa upang
23 makalikom ng nauukol na impormasyon sa pagganap, paglaki at pag-aaral,
24 kabilang ang impormasyong ipinagkaloob ng magulang, na maaaring
25 makatulong sa pagpapasya kung ang bata ay isang batang may kapansanan
26 at ang nilalaman ng IEP, kabilang ang impormasyong nauugnay sa
27 pagpapahintulot sa batang makibahagi sa at ang pag-unlad sa
28 pangkalahatang kurikulum, o para sa mga bata sa preschool, na sumali sa
29 mga naaangkop na aktibidad;
 - 30 2. Hindi gagamit ng anumang iisang pamamaraan bilang natatanging
31 pamantayan sa pagpapasya kung ang bata ay isang batang may kapansanan

o sa pagpapasya sa naaangkop na programang pang-edukasyon para sa bata;
at

3. Gagamit ng mga teknikal na makatwirang instrumento na maaaring tasahin ang naaangkop na kontribusyon ng mga salik sa pag-iisip at pag-uugali, bukod sa mga salik sa pangangatawan o paglaki.

Titiyakin din ng distrito ng paaralan na ang mga pagsusulit at iba pang mga kagamitan sa pagsusuri na gagamitin upang tasahin ang inyong anak ay pinipili at pinangangasiwaan nang hindi nagdidiskrimina sa lahi, kultura o kasarian at ibinibigay at pinangangasiwaan sa katutubong wika ng bata o iba pang paraan ng komunikasyon, maliban kung malinaw na hindi posibleng gawin ito. Ang anumang mga naaayon sa pamantayang pagsusulit na ibinibigay sa inyong anak ay napatunayan para sa partikular na layunin ng paggamit sa mga ito, pinangangasiwaan ng mga tauhang may kasanayan at kaalaman, at pinangangasiwaan nang alinsunod sa anumang mga tagubiling ibinibigay ng lumikha ng mga naturang pagsusulit. Tatasahin ang inyong anak sa lahat ng aspeto ng pinaghihinalaang kapansanan at gagamit ang distrito ng paaralan ng mga kasangkapan at istrategyang nagbibigay ng kaukulang impormasyong direktang tutulong sa distrito ng paaralan sa pagpapasya sa mga pangangailangan sa edukasyon ng inyong anak. Sa pagkumpleto ng pangangasiwa sa mga kagamitan sa pagsusuri, ang pagpapasya kung ang bata ay isang batang may kapansanan ay gagawin ninyo at ng mga kuwalipikadong propesyonal na bumubuo sa pangkat ng IEP. Isang kopya ng ulat ng pagsusuri at dokumentasyon ng pagpapasya sa pagiging karapat-dapat ang ibibigay sa inyo.

Sa pagpapasya sa pagiging karapat-dapat, ang inyong anak ay hindi pagpapasyahan bilang isang batang may kapansanan dahil sa kakulangan sa pagtuturo sa pagbabasa o sa matematika o bilang resulta ng limitadong kahusayan sa Ingles.

Bilang bahagi ng unang pagsusuri (kung naaangkop) at bilang bahagi ng anumang muling pagsusuri sa ilalim ng seksyong ito, ang Pangkat ng IEP at iba pang mga kwalipikadong propesyonal, kung naaangkop, ay:

1. Pag-aaralan ang kasalukuyang datos ng pagsusuri sa bata, kabilang ang mga pagsusuri at impormasyong inyong ipinagkaloob, mga kasalukuyang pagtatasa at obserbasyong nakabase sa klase, at obserbasyon ng guro; at
2. Batay sa pag-aaral na iyon, at impormasyon ninyo, tutukuyin kung anong karagdagang datos, kung mayroon ang kailangan upang mapagpasyahan:
 - a. Kung ang bata ay may partikular na kapansanan, o, sa kaso ng muling pagsusuri sa bata, kung ang bata ay patuloy na mayroong naturang kapansanan at mga naturang pangangailangang pang-edukasyon;
 - b. Ang mga kasalukuyang antas ng pagganap at mga kaugnay na pangangailangan sa paglaki ng bata;
 - c. Kung ang bata ay nangangailangan ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo, o sa kaso ng muling pagsusuri sa bata, kung ang bata ay patuloy na nangangailangan ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo; at
 - d. Kung kailangan ang anumang mga pagdaragdagdag o pagbabago sa espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo upang mapahintulutan ang batang matugunan ang masusukat na taunang mithiing itinakda sa IEP ng bata at upang makibahagi, kung naaangkop, sa pangkalahatang kurikulum.

Karaniwan, ang muling pagsusuri ay iniaatas kada tatlong (3) taon. Ngunit, kung napagpasyahan ng Pangkat ng IEP na walang karagdagang datos ang kailangan upang pagpasyahan kung ang inyong anak ay patuloy na nagiging isang batang may kapansanan at upang pagpasyahan ang mga pangangailangang pang-edukasyon ng bata, aabisuhan kayo ng distrito ng paaralan ng tungkol sa mga dahilang pinaniniwalaan ng distrito ng paaralan na hindi na kailangan ang muling pagsusuri. Pagkatapos matanggap ang abisong ito, maaari kayong humiling ng muling pagsusuri sa inyong anak. Kung ang distrito ng paaralan ay hindi nakatanggap mula sa inyo ng kahilingan ng muling pagsusuri, hindi magsasagawa ang distrito ng paaralan ng muling pagsusuri sa inyong anak.

1 Bago pagpasyahan na ang inyong anak ay hindi na isang batang may kapansanan,
2 dapat magsagawa ang distrito ng paaralan ng pagtatasa nang alinsunod sa mga
3 pamamaraang tinalakay sa itaas.

4 (20 U.S.C. mga seksyon 1414, 1415; 34 C.F.R. mga seksyon 300.301 – 300.306; Kodigo ng
5 Edukasyon mga seksyon 56320, 56321, 56329, at 56381; 5 CCR seksyon 3022.)
6

7 INDEPENDIYENTENG PAGSUSURING PANG-EDUKASYON

8 Pagkatapos makumpleto ng distrito ng paaralan ang pagtatasa nito, kung hindi kayo
9 sumasang-ayon sa pagsusuri ng distrito ng paaralan sa inyong anak at inabisuhan ang
10 distrito ng paaralan ng tungkol sa hindi ninyo pagsang-ayon, may karapatan kayong
11 humiling ng independiyenteng pagsusuring pang-edukasyon na magiging sagutin ng
12 distrito ng paaralan. Pagkatapos ninyong humiling ng independiyenteng pagsusuring pang-
13 edukasyon, bibigyan kayo ng distrito ng paaralan ng impormasyon tungkol sa kung kailan
14 makakakuha ng independiyenteng pagsusuring pang-edukasyon at sa mga pamantayan ng
15 distrito na naaangkop para sa mga independiyenteng pagsusuring pang-edukasyon.
16 Nararapat ang magulang sa iisa (1) lamang na independiyenteng pagsusuring pang-
17 edukasyon na sagutin ng pamahalaan sa bawat pagkakataong nagsasagawa ang distrito ng
18 pagsusuring hindi sinasang-ayunan ng magulang. Ngunit, kung hindi sumasang-ayon ang
19 distrito ng paaralan sa independiyenteng pagsusuring pang-edukasyon, dapat humiling ang
20 distrito ng paaralan ng pagdinig sa harap ng opisyal ng pagdinig sa kaukulang proseso
21 upang salungatin ang inyong kahilingan para sa independiyenteng pagsusuring pang-
22 edukasyon at upang ipakitang naaangkop ang pagtatasa ng distrito ng paaralan. Kung
23 nanaig ang distrito ng paaralan, mayroon pa rin kayong karapatan sa isang
24 independiyenteng pagsusuri ngunit hindi na ito magiging sagutin ng pamahalaan. Kung
25 pipiliin ninyong kumuha ng independiyenteng pagsusuring pang-edukasyon na magiging
26 sagutin ninyo, dapat isaalang-alang ng distrito ang mga resulta ng pagtatasa. Ang
27 independiyenteng pagsusuring pang-edukasyon ay dapat sumunod sa lahat ng iniaatas na
28 naaangkop sa mga pagsusuri ng distrito ng paaralan.
29

30 Kung inoobserbahan ng distrito ng paaralan ang inyong anak sa kanyang klase sa
31 panahon ng pagtatasa, o kung ang mga pamamaraan ng distrito ng paaralan ay

1 nagkakaloob para sa mga obserbasyon sa klase, dapat ding maipagkaloob ang katumbas
2 na oportunidad para sa anumang independiyenteng pagsusuring pang-edukasyon sa
3 kasalukuyan o anumang iminumungkahing pagtatalaga sa edukasyon.

4
5 Kung unilateral kayong nagpasyang ilagay ang inyong anak sa isang hindi
6 pampublikong paaralan at iminungkahi ninyong mapinansyahan ng pamahalaan ang
7 pagtatalaga sa hindi pampublikong paaralan, dapat mabigyan ng oportunidad ang distrito
8 ng paaralan na obserbahan muna ang iminumungkahing pagtatalaga at ang inyong anak sa
9 iminumungkahing pagtatalaga.

10 (20 U.S.C. seksyon 1415(b)(1); 34 C.F.R. seksyon 300.502; Kodigo ng Edukasyon seksyon
11 56329.)

12 13 MGA PAGPUPULONG PARA SA IEP

14 Bilang magulang ng estudyante sa espesyal na edukasyon, mayroon kayong
15 karapatang maging bahagi ng Pangkat ng IEP at lumahok sa anumang pagpupulong
16 tungkol sa pagtukoy, pagtatasa at pagtatalaga sa edukasyon ng inyong anak. Ang katagang
17 IEP o Individualized Education Program (Programa ng Nakapang-indibidwal na Edukasyon)
18 ay nangangahulugang isang nakasulat na dokumento para sa bawat batang may
19 kapansanan na binubuo, pinag-aaralan at binabago nang alinsunod sa pederal na batas at
20 batas ng estado. Kabilang sa IEP ang mga kasalukuyang antas ng natamasa sa pag-aaral at
21 punsyonal na pagganap ng bata at dapat isaalang-alang ang inyong mga pag-aalala bilang
22 isang magulang para mapabuti ang edukasyon ng inyong anak. Bilang isang magulang,
23 mayroon kayong karapatang maging miyembro ng anumang grupong nagpapasya kaugnay
24 ng pagtatalaga sa edukasyon ng inyong anak. Mayroon din kayong karapatang magdala ng
25 mga indibidwal na may kaalaman at espesyal na kadalubhasaan tungkol sa inyong anak sa
26 pagpupulong ng IEP. Bibigyan kayo ng distrito ng paaralan ng kopya ng IEP sa inyong
27 pangunahing wika kung hihilingin. Kung kayo ay magulang ng isang batang nasa edad na
28 tatlo hanggang limang taong gulang, ang the individualized family service plan (IFSP,
29 nakapang-indibidwal na plano ng serbisyo sa pamilya) ay maaaring magsilbi bilang IEP
30 kung sasang-ayunan ng magulang at ng distrito ng paaralan.

1 Iniaatas ng pederal na batas at ng batas ng estado na maging kabilang sa unang
2 IEP, na magkakabisa simula sa edad na labing-anim na taon, ang pahayag sa mga
3 pangangailangan sa serbisyong pantransisyon ng bata at na i-update ang IEP taun-taon
4 pagkatapos. Simula sa edad na labing-anim na taon o mas bata pa, kung napagpasyahang
5 naaangkop ng Pangkat ng IEP, iniaatas ang naaangkop na masusukat na mithiin
6 pagkatapos ng edukasyong pansekundarya na nauugnay sa pagsasanay, edukasyon,
7 trabaho, at kung saan naaangkop, mga kasanayan sa malayang pamumuhay, isang
8 pahayag sa mga kinakailangang serbisyo sa transisyon para sa bata, kabilang ang, kapag
9 naaangkop, ang pahayag sa mga responsibilidad sa pagitan ng mga ahensya o mga
10 kaugnayan sa pagitan ng mga ahensya. Simula sa hindi bababa sa isang taon bago
11 maglabing-walong (18) taong gulang ang bata, isang pahayag ang dapat isama sa IEP na
12 ipinaalam sa bata ang kanyang mga karapatang ililipat sa kanya kapag tumuntong na sa
13 hustong gulang. Sa ilalim ng batas ng California, kapag ang isang bata ay tumuntong ng
14 labing-walong (18) taong gulang, siya ay itinuturing na nasa hustong gulang at maliban
15 kung ang magulang ay nakakuha ng conservatorship o pagiging tagapag-alaga ng bata sa
16 pamamagitan ng mga paglilitis sa hukuman, maaaring gumawa ng mga desisyon ang bata
17 tungkol sa kanyang edukasyon.

18
19 Sa pagbuo ng IEP para sa inyong anak, dapat isama ng Pangkat ng IEP ang mga
20 istrategiya at suporta ng positibong interbensyon sa pag-uugali sa mga kaso kung saan ang
21 pag-uugali ng bata ay pumipigil sa kanyang matuto at isaalang-alang, kapag naaangkop,
22 ang mga istrategiya, kabilang ang mga istrategiya at suporta ng positibong interbensyon sa
23 pag-uugali upang tugunan ang kanyang pag-uugali. Ang karaniwang gurong nagtuturo sa
24 inyong anak, bilang miyembro ng Pangkat ng IEP, ay dapat, sa abot ng naaangkop,
25 makibahagi sa pagbuo ng IEP ng inyong anak, kabilang ang pagpapasya sa mga
26 naaangkop na istrategiya ng positibong interbensyon sa pag-uugali at ang pagpapasya sa
27 mga karagdagang serbisyo ng ahensya, mga pagbabago sa programa at suporta para sa
28 mga tauhan ng paaralan.

29
30 Pag-aaralan ng Pangkat ng IEP ang IEP nang hindi bababa sa taun-taon upang
31 mapagpasyahan kung ang mga taunang mithiin para sa inyong anak ay natatamasa at

babaguhin ang IEP kung naaangkop upang: (1) tugunan ang anumang kakulangan sa inaasahang pag-unlad tungo sa mga taunang mithiin at sa pangkalahatang kurikulum, kung saan naaangkop, (2) tugunan ang mga resulta ng anumang isinasagawang muling pagsusuri, (3) tugunan ang impormasyon tungkol sa inyong anak na inyong ibinibigay, at 4) tugunan ang mga inaasahang pangangailangan ng inyong anak kung kailangan. Tatanggap din ang inyong anak ng mga report kard sa parehong paraan gaya ng mga karaniwang estudyanteng nag-aaral. Maaaring pagkasunduan ninyo at ng distrito ng paaralan sa paraang nakasulat na hindi na kailangan ang pagdalo ng isang miyembro ng Pangkat ng IEP dahil hindi babaguhin o tatalakayin ang asignatura sa kurikulum ng miyembro at kaugnay na serbisyo sa pagpupulong. Bukod dito, napagkakasunduan ninyo at ng distrito ng paaralan sa paraang nakasulat na huwag padaluhin ang isang miyembro ng pangkat ng IEP sa pagpupulong ng Pangkat ng IEP, sa kabuuan o bahagi nito, kapag ang pagpupulong ay kinapapalooban ng pagbabago sa o pagtalakay sa asignatura ng miyembro o ng kurikulum o kaugnay na serbisyo, dapat magsumite sa inyo at sa Pangkat ng IEP ang miyembro sa paraang nakasulat, ng impormasyon para sa pagbuo ng IEP bago ang pagpupulong. Sa ilalim ng batas ng estado, mayroon kayong karapatang irekord sa elektronikong paraan ang mga pagpupulong ng IEP sa pamamagitan ng audio tape kung magbibigay kayo ng 24 na oras na abiso sa ibang mga miyembro ng Pangkat ng IEP. Pagkatapos ng taunang pagpupulong para sa IEP para sa taon ng pag-aaral, maaaring pagkasunduan ninyo at ng distrito ng paaralan sa paraang nakasulat na huwag magpulong para sa IEP upang gumawa ng mga pagbabago sa taunang IEP, at sa halip ay bumuo ng nakasulat na dokumento upang amyendahan o baguhin ang kasalukuyang IEP. (20 U.S.C. seksyon 1414(d); 34 C.F.R. mga seksyon 300.320-300.324; Kodigo ng Edukasyon mga seksyon 56032, 56304, 56341, 56341.1, 56341.5, 56342.5 at 56345; 5 CCR seksyon 3040.)

PAGTATALAGA ("PAMAMALAGI") SA PANAHOON NG PAGKABINBIN NG MGA PAGLILITIS SA KAUKULANG PROSESO

Bilang magulang ng batang may mga kapansanan, kung masasangkot kayo sa hindi pakikipagkasundo sa distrito ng paaralan tungkol sa pagtukoy, pagsusuri o pagtatalaga ng inyong anak at naghain kayo ng kahilingan para sa pagdinig sa kaukulang proseso, ang

1 inyong anak ay mananatiling ("pamamalagi") nasa kasalukuyang pagkakatalaga sa
2 edukasyon sa panahong nakabinbin ang mga paglilitis. Maliban kung kayo at ang distrito ng
3 paaralan ay nagkasundong baguhin ang pagtatalaga, o nakakuha ang distrito ng paaralan
4 ng utos mula sa hukuman o utos mula sa opisyal ng pagdinig, ang inyong anak ay
5 mananatiling nasa kanyang kasalukuyang pagkakatalaga sa edukasyon sa panahong
6 nakabingin ang mga paglilitis. Para sa unang pagkakatanggap sa paaralan, ilalagay ang
7 inyong anak sa isang programa ng pampublikong paaralan, nang may pahintulot ng
8 magulang, hanggang sa makumpleto ang mga paglilitis. Mayroong mga eksepsyon sa
9 pangkalahatang patakarang ito na nagpapahintulot sa distrito ng paaralang ilagay ang
10 inyong anak sa isang alternatibong kapaligirang pang-edukasyon para sa limitadong
11 panahon. Tatalakayin ang mga eksepsyong ito sa susunod na seksyon sa pansamantalang
12 alternatibong kapaligirang pang-edukasyon.

13 (20 U.S.C. seksyon 1415(j); 34 C.F.R. seksyon 300.518; Kodigo ng Edukasyon seksyon
14 56505(d).)

15 16 MGA PANSAMANTALANG ALTERNATIBONG KAPALIGIRANG PANG- 17 EDUKASYON MGA PAMAMARAAN SA PAGDIDISIPLINA

18 Maaaring baguhin ng mga tauhan ng paaralan ang pagtatalaga sa inyong anak kung
19 nilabag niya ang kodigo ng mga gawi ng estudyante sa (1) naaangkop na pansamantalang
20 alternatibong kapaligirang pang-edukasyon; (2) iba pang kapaligirang pang-edukasyon, o
21 (3) upang suspindihin ang inyong anak ng hindi hihigit sa sampung (10) magkakasunud-
22 sunod na araw ng pasukan (sa abot na ang mga naturang alternatibo ay iaangkop sa mga
23 batang walang mga kapansanan) at para sa mga karagdagang pagkakaalis ng hindi hihigit
24 sa sampung (10) magkakasunud-sunod na araw ng pasukan sa parehong taon ng pag-aaral
25 para sa mga hiwalay na insidente ng maling gawi. Kung sinusubukan ng mga tauhan ng
26 paaralan ang pagbabago sa pagtatalaga na lalampas sa mahigit sa sampung (10) araw ng
27 pasukan sa parehong taon ng pag-aaral, dapat alamin ng mga tauhan ng paaralan kung ang
28 pag-uugaling naging sanhi ng paglabag sa kodigo ng mga gawi ng estudyante ay
29 pagpapahiwatig ng kapansanan ng inyong anak. Kung nalaman na ang pag-uugali ay hindi
30 isang pagpapahiwatig ng kapansanan ng inyong anak, maaaring disiplinahin ng mga
31

1 tauhan ng paaralan ang inyong anak sa ilalim ng mga pamamaraang naaangkop sa mga
2 batang walang kapansanan.

3
4 Upang malaman kung ang pag-uugaling naging sanhi ng paglabag sa kodigo ng mga
5 gawi ng estudyante ay isang pagpapahiwatig ng kapansanan ng inyong anak, ang distrito
6 ng paaralan, kayo at ang mga kaukukang miyembro ng Pangkat ng IEP ay dapat pag-aralan
7 ang lahat ng kaukulang impormasyon sa file ng inyong anak, kabilang ang IEP, anumang
8 mga obserbasyon ng guro, at anumang kaukulang impormasyong ipinagkaloob ninyo
9 upang mapagpasyahan kung ang nasabing gawi ay dulot ng, o nagkaroon ng direkta o
10 malaking kaugnayan sa kapansanan ng inyong anak. Dapat idaos ang pagpupulong na ito
11 sa loob ng sampung (10) araw ng pasukan mula sa anumang desisyong gumawa ng
12 pandisiplinang aksyon. Kung napag-alaman ng Pangkat ng IEP na ang gawi ay isang
13 pagpapahiwatig ng kapansanan ng inyong anak, ang Pangkat ng IEP ay dapat magsagawa
14 ng pagtatasa sa punsyonal na pag-uugali, at magpatupad ng plano ng interbensyon sa pag-
15 uugali para sa inyong anak, o pag-aralan at baguhin kung kailangan ang umiiral na plano ng
16 interbensyon sa pag-uugali.

17
18 Maaari ring ilagay ng mga tauhan ng paaralan ang inyong anak sa isang
19 pansamantalang alternatibong kapaligirang pang-edukasyon ng hanggang apatnapu't
20 limang (45) araw ng pasukan nang hindi tinitingnan kung ang pag-uugali ay napagpasyahan
21 bilang pagpapahiwatig ng kapansanan ng inyong anak, sa mga kaso kung saan: (1) ang
22 inyong anak ay may dala o nagmamay-ari ng sandata sa paaralan, sa mga pasilidad ng
23 paaralan, o sa kaganapan o aktibidad sa paaralan; (2) sinadyang magkaroon o gumamit ang
24 inyong anak ng mga ilegal na droga, o nagbebenta o naghahanap ng mapagbebeentahan ng
25 mga kontroladong substansya habang nasa paaralan, mga pasilidad ng paaralan, o
26 kaganapan o aktibidad sa paaralan; o (3) ang inyong anak ay nagdulot ng pinsala sa
27 katawan ng ibang tao habang nasa paaralan, o sa mga pasilidad ng paaralan, o sa
28 kaganapan o aktibidad sa paaralan. Pagpapasyahan ng pangkat ng IEP ang
29 pansamantalang alternatibong kapaligirang pang-edukasyon para sa mga serbisyo.

1 Pagkatapos maialis ang batang may kapansanan mula sa kasalukuyan niyang
2 pagkakatalaga ng sampung (10) araw ng pasukan, sa parehong taon ng pag-aaral, sa
3 panahon ng anumang mga susunod na araw ng pagkakaalis, dapat magkaloob ang distrito
4 ng paaralan ng mga serbisyo upang mapahintulutan ang batang patuloy na makibahagi sa
5 kurikulum ng pangkalahatang edukasyon, bagaman sa ibang kapaligiran, at upang umunlad
6 tungo sa pagtugon sa mga mithiin ng IEP. Kung naaangkop, ang bata ay maaaring
7 tumanggap ng pagtatasa sa punsyonal na pag-uugali at mga serbisyo ng interbensyon sa
8 pag-uugali at mga pagbabagong idinisenyo upang tugunan ang paglabag sa pag-uugali
9 nang sa gayon ay hindi ito muling mangyari.

11 Hindi lalampas sa petsa kung kailan nagpasyang gumawa ng pandisiplinang aksyon
12 laban sa inyong anak, dapat kayong abisuhan ng distrito ng paaralan ng tungkol sa
13 desisyong iyon at abisuhan kayo ng tungkol sa inyong mga pamamaraang pananggalang.
14 Kung hindi kayo sumasang-ayon sa anumang desisyon tungkol sa pagtatalaga, o sa
15 pagpapasya sa pagpapahiwatig ng kapansanan ng inyong anak, maaari kayong humiling ng
16 isang pinabilis na pagdinig sa kaukulang proseso na dapat isagawa sa loob ng
17 dalawampung (20) araw ng pasukan ng petsa ng kahilingan sa pagdinig. Sa panahong
18 nakabinbin ang pagdinig sa kaukulang proseso, ang inyong anak ay mananatiling nasa
19 pansamantalang alternatibong kapaligirang pang-edukasyon sa nakabinbing desisyon ng
20 opisyal ng pagdinig o ng apatnapu't limang (45) araw ng pasukan, alinman ang mauuna,
21 maliban kung iba ang napagkasunduan ninyo ng distrito ng paaralan. Kung naniniwala ang
22 distrito ng paaralan na mapanganib para sa inyong anak at sa iba na bumalik ang inyong
23 anak sa kasalukuyang pinagtatalagaan para sa edukasyon, maaaring humiling ang distrito
24 ng paaralan ng pinabilis na pagdinig.

26 Maaaring iutos ng opisyal ng pagdinig na baguhin ang pagtatalaga sa inyong anak
27 sa isang naaangkop na pansamantalang alternatibong kapaligirang pang-edukasyon para
28 sa hihigit sa apatnapu't limang (45) araw, kung napagpasyahan ng opisyal ng pagdinig na
29 ang pagpapanatili sa inyong anak sa kasalukuyan niyang pagkakatalaga ay malamang na
30 malamang na magresulta sa pinsala sa inyong anak at sa iba.

(20 U.S.C. seksyon 1415(k); 34 C.F.R seksyon 300.530; Kodigo ng Edukasyon seksyon 48915.5.)

MGA BATANG MAY MGA KAPANSANAN NA

INI-ENROL NG KANILANG MGA MAGULANG SA MGA PRIBADONG PAARALAN

Limitado ang obligasyon ng distrito ng paaralan sa mga batang may mga kapansanan na naka-enrol sa mga pribadong paaralan. Sa ilalim ng IDEA, *"walang batang may kapansanan na inilagay ng magulang sa pribadong paaralan ang may indibidwal na karapatang tumanggap ng ilan o lahat ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyong matatanggap ng bata kung naka-enrol sa isang pampublikong paaralan."* Dapat hanapin, tukuyin at tasahin ng mga distrito ng paaralan ang lahat ng batang may mga kapansanan sa pribadong paaralan, kabilang ang mga batang pumapasok sa paaralang kaakibat ng relihiyon, na may mga kapansanan at nangangailangan ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo, na tinatawag na "child find" ("paghahanap ng bata"). Ang distrito ng paaralan kung saan matatagpuan ang pribadong paaralan na tinatawag ding "Distrito ng Lokasyon" ay responsable sa pagsasagawa ng mga aktibidad na child find para sa mga batang ini-enrol ng kanilang mga magulang sa mga pribadong paaralan. Kung ang Distrito ng Lokasyon ay hindi ang parehong distrito ng paaralan kung saan naninirahan ang mga magulang ng estudyante sa pribadong paaralan, maaaring makipag-ugnay kung gayon ang Distrito ng Lokasyon sa distrito ng paaralan ng tirahan upang tasahin ang bata.

Ang mga batang may mga kapansanan na naka-enrol sa pribadong paaralan ay maaaring tumanggap ng mga kapantay na serbisyo sa espesyal na edukasyon gaya ng napagpasyahan sa pamamagitan ng pakikipagsangguni sa mga pribadong paaralan at mga magulang. Upang tumanggap ng mga naturang kapantay na serbisyo, isang "Plano ng Serbisyo" ang dapat buuin para sa estudyante sa pribadong paaralan at pahintulutan ng mga magulang. Ang distrito ng paaralan kung saan matatagpuan ang pribadong paaralan, ang Distrito ng Lokasyon ay responsable sa pagbubuo at pagpapatupad ng Plano ng Serbisyo.

1 Ang magulang ng batang ini-enrol ng magulang na iyon sa isang pribadong paaralan
2 ay may karapatan lamang maghain ng reklamo sa kaukulang proseso tungkol sa mga
3 aktibidad na child find ng distrito ng paaralan. Ang reklamo sa kaukulang proseso ay dapat
4 ihain sa distrito ng paaralan kung saan matatagpuan ang pribadong paaralan, sa Distrito ng
5 Lokasyon, at sa California Department of Education (CDE, Kagawaran ng Edukasyon ng
6 California). Ngunit, dahil walang indibidwal na karapatan sa mga serbisyo para sa mga
7 batang ini-enrol ng kanilang mga magulang sa pribadong paaralan. Ang anumang mga
8 reklamo tungkol sa Plano ng Serbisyo ay maaari lamang ihain nang alinsunod sa mga
9 pamamaraan ng reklamo sa pagsunod ng CDE.
10 (20 U.S.C. seksyon 1412(a)(10)(A); 34 C.F.R. seksyon 300.130–300.144; Kodigo ng
11 Edukasyon mga seksyon 56170–56177.)
12

13 UNILATERAL NA PAGLALAGAY NG MAGULANG SA PRIBADONG PAARALAN

14 Kung nagpasya kayong unilateral na i-enrol ang inyong anak sa isang pribadong
15 paaralan pagkatapos gawing makukuha ng distrito ng paaralan ang libreng naaangkop na
16 pampublikong edukasyon para sa inyong anak, hindi inaatasan ang distrito ng paaralan na
17 bayaran ang gastos sa edukasyon ng inyong anak. Upang mabawi ang gastos sa pribadong
18 paaralan mula sa distrito ng paaralan, kabilang ang espesyal na edukasyon at mga kaugnay
19 na serbisyo, dapat muna ninyong subukang kunin ang pahintulot ng distrito ng paaralan, at
20 patunayang walang naaangkop na programa ang distrito ng paaralan para sa inyong anak.
21 Maaaring tanggihan o bawasan ang pagbawi sa gastos kung: 1) sa pinakakamakailang
22 pagpupulong ng IEP na dinaluhan ninyo bago ang pag-alis sa inyong anak sa
23 pampublikong paaralan, hindi ninyo ipinaalam sa Pangkat ng IEP na tinatanggihan ninyo
24 ang pagtatalagang iminumungkahi ng distrito na magkaloob ng libreng naaangkop na
25 pampublikong edukasyon sa inyong anak, kabilang ang pahayag sa inyong mga pag-aalala
26 at layuning i-enrol ang inyong anak sa isang pribadong paaralan na magiging saguting
27 pamahalaan; o 2) hindi bababa sa 10 araw ng tanggapan bago ang pag-alis sa inyong anak
28 sa pampublikong paaralan, hindi kayo nagbigay ng nakasulat na abiso sa distrito ng
29 paaralan ng tungkol sa inyong mga pag-aalala tungkol sa iminumungkahing pagtatalaga ng
30 distrito ng paaralan at sa inyong layuning i-enroll ang inyong anak sa pribadong paaralan na
31 magiging sagutin ng pamahalaan.

1 Kung aabisuhan kayo ng distrito ng paaralan bago ang pag-alis sa inyong anak sa
2 pampublikong paaralan na ninanais ng distritong suriin ang inyong anak at ipahihiwatig nito
3 ang layunin ng pagsusuri, dapat ninyong padaluhin ang inyong anak sa pagsusuri. Kung
4 hindi kayo sumunod sa mga iniaatas na ito, maaari kayong matagpuan ng hukuman o ng
5 opisyal ng pagdinig na kumilos sa hindi makatwirang paraan sa unilateral na pag-aalis ng
6 inyong anak sa pampublikong paaralan at sa paglalagay ng inyong anak sa pribadong
7 paaralan. Maaaring tanggihan ng hukuman o ng opisyal ng pagdinig ang anumang pagbawi
8 sa gastusin maliban kung maipapakita ninyo ang isa o higit pa sa mga sumusunod: 1) hindi
9 kayo nakakapagbasa at nakakapagsulat at hindi kayo nakakapagsulat sa Ingles, o 2) ang
10 pagtatalaga ng distrito ng paaralan ay magreresulta sa pinsala sa pangangatawan o
11 malubhang pinsala sa emosyon ng inyong anak.

12 (20 U.S.C. seksyon 1412(a)(10)(C); 34 C.F.R. seksyon 300.148; Kodigo ng Edukasyon mga
13 seksyon 56175-56177.)

14 15 PAGKAKATAONG IHARAP AT LUTASIN ANG MGA REKLAMO

16 A. MGA PAMAMARAAN NG REKLAMO NG ESTADO

17 Pinagkakalooban ng IDEA ang mga magulang ng pagkakataong iharap at lutasin ang
18 mga reklamo tungkol sa anumang bagay na nauugnay sa pagtukoy, pagsusuri o
19 pagtatalaga sa edukasyon ng inyong anak o sa pagkakaloob ng libreng naaangkop na
20 pampublikong edukasyon sa inyong anak. Maaaring ihain ang mga nakasulat na reklamo sa
21 distrito ng paaralan o sa mga ahensya ng estado o pederal na ahensya sa mga address na
22 nakalista sa ibaba. Dapat isaad sa mga reklamo sa pagsunod ang paglabag na nangyari ng
23 hindi hihigit sa isang (1) taon bago ang petsa kung kailan natanggap ang reklamo. Isang
24 kopya ng nakasulat na reklamo ang dapat ding ibigay sa distrito ng paaralang naglilingkod
25 sa bata sa parehong panahong inihain ito sa ahensya ng estado. Ang estado ay may
26 animnapung (60) araw mula sa petsa ng pagkakatanggap ng reklamo upang makapagpasya
27 sa bagay na ito. Maaaring direktang ihain ang mga reklamo sa Kagawaran ng Edukasyon ng
28 California (California Department of Education, CDE).

29
30 Maaari rin ninyong pakinabangan ang proseso ng reklamo sa pagsunod upang iulat
31 ang pagkakataong may diskriminasyon, panghaharas, pananakot o pambu-bully. Dapat

1 ihain ang reklamo sa distrito ng paaralan ng hindi lalampas ng anim na buwan mula sa
2 petsang nangyari ang insidente, o sa petsang una ninyong nalaman ang pangyayari. Ang
3 mga itinakdang panahon sa pagsasagawa at pagkumpleto ng imbestigasyon sa reklamo at
4 pagbibigay ng desisyon ay nakalista sa naunang talata.

5
6
7 Orange Unified School District
8 Attn: CEO, SELPA/Special Education
9 1401 North Handy Street
10 Orange, CA 92867
11 Telepono: (714) 628-5550
12 Fax: (714) 628-4066
13

14
15 California Department of Education
16 Special Education Division
17 Complaint Support Unit
18 1430 N Street, Suite 2401
19 Sacramento, California 95814-5901
20 Telepono: 1-800-926-0648
21 Fax: (916) 327-3704
22 Email: speceducation@cde.ca.gov
23 <https://www.cde.ca.gov/sp/se/qa/cmpltproc.asp>
24

25 United States Department of Education
26 Office for Civil Rights
27 Seattle Office
28 915 Second Avenue Room 3310
29 Seattle, Washington 98174-1099
30 Telepono: (206) 607-1600
31 Fax: (206) 607-1601

TDD: (800) 877-8339

Email: OCR.Seattle@ed.gov

<https://www.ed.gov/about/ed-offices/ocr>

Hinihikayat ng distrito ng paaralan na ihain ninyo ang inyong reklamo sa distrito ng paaralan. Makikipagpulong kami sa inyo at iimbestigahan ang inyong reklamo sa oras at susubukang lutasin ang anumang mga pag-aalala. Ang distrito ng paaralan ay nagtatag ng mga kumpidensyal na pamamaraan para sa paghahain ng mga reklamo. Makukuha ang complaint form (porma ng reklamo) mula sa distrito ng paaralan. (20 U.S.C. Seksyon 1415(b)(6); 34 C.F.R. seksyon 300.153; Kodigo ng Edukasyon seksyon 56500.2; 5 CCR seksyon 3201 at 4600.)

B. MGA PAMAMARAAN SA PAMAMAGITAN AT PAGDINIG SA KAUKULANG PROSESO

Iniaatasan ng IDEA ang mga estado na magtakda ng mga pamamaraan para sa pamamagitan (mediation) at mga walang-pinapanigang pagdinig sa kaukulang proseso tungkol sa pagtukoy, pagtatasa, at pagtatalaga sa edukasyon ng inyong anak o sa pagkakaloob ng FAPE. Kayo o ang distrito ng paaralan ay maaaring maghain ng kahilingan para sa pamamagitan-lamang o pagdinig sa kaukulang proseso hinggil sa reklamo.

Dapat ilagay sa inyong kahilingan para sa pamamagitan-lamang o pagdinig sa kaukulang proseso ang pangalan at address ng bata, petsa ng kapanganakan, baitang at pangalan ng paaralang pinapasukan ng bata, impormasyon ng magulang, mga panig sa pamamagitan, paglalarawan ng katangian ng problema, kabilang ang mga katotohanang nauugnay sa naturang problema, at ang iminumungkahing resolusyon sa problema. Bumuo ang CDE ng mga modelong porma upang tulungan kayo sa paghahain ng kahilingan para sa pamamagitan-lamang o pagdinig sa kaukulang proseso. Maaari ninyong i-access ang mga modelong form na ito sa:

<https://www.dgs.ca.gov/OAH/Case-Types/Special-Education>

1 Dapat ninyong isilbi ang pamamagitan-lamang o pagdinig sa kaukulang proseso
2 para sa reklamo sa distrito ng paaralan at maghain ng kopya sa Office of Administrative
3 Hearings (Tanggapan ng mga Pampangasiwaang Pagdinig) sa address na nakalista sa
4 ibaba:

5 Office of Administrative Hearings
6 Attn: Special Education Division
7 2349 Gateway Oaks Drive, Suite 200
8 Sacramento, CA 95833
9 Telepono: (916) 263-0880
10 Fax: (916) 376-4207

11 <https://www.dgs.ca.gov/OAH/Case-Types/Special-Education>

12
13 Sa California, boluntaryo ang pamamagitan. Maaari kayong humiling ng pagdinig sa
14 kaukulang proseso o pamamagitan-lamang. Ang pamamagitan-lamang ay
15 nangangahulugang humihiling kayo ng pamamagitan nang hindi humihiling ng pagdinig sa
16 kaukulang proseso. Ang pamamagitan ay isang hindi pormal na paglilitis isinasagawa sa
17 paraang hindi nakikipaglaban. Kung hihilingin ninyo ang pamamagitan-lamang, kayo at ang
18 distrito ng paaralan ay tatanggap ng abiso na ang pamamagitan ay iniskedyul, at ang abiso
19 ay maglalaman ng oras, petsa at lokasyon ng pamamagitan, pati na rin ang pangalan,
20 address, at numero ng telepono ng tagapamagitang nakatalaga sa kaso na may kaalaman
21 at walang pinapanigan. Dapat iiskedyul ang pamamagitan sa loob ng 15 araw ng
22 pagtanggap ng kahilingan ng Office of Administrative Hearing. Hindi maaaring dumalo ang
23 mga abogado sa pamamagitan-lamang. Ngunit, kayo o ang distrito ng paaralan ay maaaring
24 masamahan at mapayuhan ng mga kinatawang hindi abogado. Ang mga pahayag na
25 ibinigay ninyo at ng distrito ng paaralan sa panahon ng pamamagitan ay kumpidensyal at
26 hindi maaaring gamitin sa pagdinig sa kaukulang proseso o aksyon ng hukuman. Ang
27 anumang napagkasunduan sa panahon ng pamamagitan ay dapat nakasulat at pirmahan ng
28 lahat ng panig. Maaari rin ninyong hilingin sa distrito ng paaralan na lutasin ang mga hindi
29 pagkakasundo sa pamamagitan ng alternative dispute resolution (ADR, alternatibong
30 resolusyon sa hindi pagkakasundo), na hindi rin gaanong nakikipaglaban kung ihahambing
31 sa pagdinig sa kaukulang proseso. Ang ADR at pamamagitan ay mga boluntaryong paraan

1 ng paglutas sa hindi pagkakasundo. Kung hindi nalutas ang hindi pagkakasundo sa
2 panahon ng pamamagitan o sa ADR, maaari kang magpatuloy sa pagdinig sa kaukulang
3 proseso. Ang Pamamagitan o ADR ay hindi mga prerekisito sa paghiling ng pagdinig sa
4 kaukulang proseso.

5
6 Ang pagdinig sa kaukulang proseso ay isang pormal na paglilitis kung saan kayo at
7 ang distrito ng paaralan ay binibigyan ng pagkakataong magharap ng mga saksi,
8 nakadokumentong ebidensya, at pasalita at nakasulat na pangangatwirang sumusuporta sa
9 inyong mga nauukol na posisyon hinggil sa mga hindi napagkakasunduang isyu sa
10 espesyal na edukasyon. Maaari kayong humiling ng kumperensya ng pamamagitan sa
11 anumang oras sa panahon ng pagdinig sa kaukulang proseso. Ang kahilingan para sa
12 pagdinig sa kaukulang proseso ay dapat ihain sa loob ng (2) taon mula sa petsa kung kailan
13 napag-alaman o dapat napag-alaman ninyo at ng distrito ng paaralan ang tungkol sa
14 nasabing aksyon na naging batayan ng pagdinig sa kaukulang proseso para sa reklamo. Sa
15 pagtanggap ng kahilingan para sa pagdinig sa kaukulang proseso, kayo at ang distrito ng
16 paaralan ay tatanggap ng abiso mula sa Office of Administrative Hearings na may oras,
17 petsa at lokasyon ng pagdinig sa kaukulang proseso. Kung ang inyong pangunahing wika
18 ay hindi Ingles, o ibang paraan ng komunikasyon, magkakaloob ng isang tagasalin para sa
19 inyo sa pagdinig.

20
21 Bago ang pagkakataon para sa isang walang pinapanigang pagdinig sa kaukulang
22 proseso sa, sa loob ng labinlimang (15) araw ng pagtanggap ng inyong pagdinig sa
23 kaukulang proseso para sa pagdinig, inaatasan ang distrito ng paaralan na magdaos ng
24 mandatoryong pagpupulong para sa resolusyon kasama kayo at ang mga nauukol na
25 miyembro ng Pangkat ng IEP na may partikular na kaalaman sa mga katotohanang
26 binanggit sa inyong reklamo, kung saan matatalakay ninyo ang inyong reklamo at ang mga
27 katotohanang naging batayan ng inyong reklamo, at ang distrito ng paaralan ay bibigyan ng
28 pagkakataong lutasin ang reklamo. Dapat isama sa pagpupulong para sa resolusyon ang
29 kinatawang mula sa distrito ng paaralan na may awtoridad sa paggawa ng desisyon sa
30 ngalan ng distrito ng paaralan, ngunit hindi maaaring isama ang abogado para sa distrito ng
31 paaralan maliban kung may kasama ring abogado ang magulang. Ang mga singil ng mga

1 abogado ay hindi maaaring igawad sa pagpupulong na nauugnay sa resolusyon. Maliban
2 kung sumasang-ayon ang distrito ng paaralan, hindi ninyo maaaring ipagpaliban ang
3 mandatoryong pagpupulong para sa resolusyon. Kung nagkaroon ng resolusyong lutasin
4 ang reklamo sa mandatoryong pagpupulong para sa resolusyon, dapat pirmahan ng mga
5 panig ang kasunduang dapat sundin ayon sa batas. Kung hindi nalutas ng distrito ng
6 paaralan ang reklamo sa paraang ikasisiya ninyo sa loob ng tatlung (30) araw ng
7 pagtanggap ng reklamo, ang pagdinig sa kaukulang proseso ay maaaring magpatuloy at
8 ang lahat ng naaangkop na itinakdang panahon para sa pagdinig sa kaukulang proseso ay
9 magsisimula.

10
11 Limitado ang pagdinig sa kaukulang proseso sa mga isyung binanggit sa inyong
12 pagdinig sa kaukulang proseso para sa reklamo. Ang walang pinapanigang opisyal ng
13 pagdinig ang mangangasiwa sa pagdinig sa kaukulang proseso. May karapatan kayong
14 masamahan at mapayuhan ng isang abogado at ng mga indibidwal na may espesyal na
15 kaalaman o kasanayan kaugnay ng mga problema ng mga batang may mga eksepsiyonal na
16 pangangailangan; karapatang magharap ng ebidensya, mga nakasulat at pasalitang
17 pangangatwiran; karapatang kumprontahin, masusing tanungin ang saksi ng kabilang panig
18 at ipilit ang pagdalo ng mga saksi; karapatan sa nakasulat o elektronikong rekord ng
19 eksaktong salita ng pagdinig; at karapatan sa mga nakasulat na natuklasang katotohanan at
20 desisyon.

21
22 Hindi bababa sa sampung (10) araw bago ang pagdinig, kayo at ang distrito ng
23 paaralan ay dapat ipaalam sa bawat isa ang mga isyung pagpapasyahan sa pagdinig at ang
24 iminumungkahing resolusyon sa mga isyung iyon, pati na rin ang kung kakatawanan ng
25 abogado ang mga panig sa pagdinig. Hindi bababa sa limang (5) araw ng tanggapan bago
26 ang pagdinig, kayo at ang distrito ng paaralan ay dapat isiwalat ang lahat ng inyong saksi at
27 ebidensyang nilalayon ninyong ilabas sa pagdinig kabilang ang mga nakumpletong
28 pagsusuri sa kabilang panig, o kung hindi ay hindi maaaring ilabas sa pagdinig ang mga
29 saksi, ebidensya o mga pagsusuri.

30 Sa pangkalahatan, ang desisyon ng opisyal ng pagdinig ay dapat gawin sa
31 malalaking batayan base sa pagpapasya kung ang inyong anak ay nakatanggap ng FAPE.

1 Dapat makagawa ng pinal na desisyon ang opisyal ng pagdinig at ipadala ang kopya ng
2 nakasulat na desisyon sa inyo at sa distrito ng paaralan sa loob ng apatnapu't limang (45)
3 araw ng pagtanggap ng kahilingan para sa pagdinig ng Office of Administrative Hearings o
4 State Superintendent of Public Instruction (Superintendente ng Pampublikong Pagtuturo ng
5 Estado), maliban kung iginawad ang pagpapatuloy para sa mabuting dahilan. Ang
6 desisyong ginawa sa pagdinig sa kaukulang proseso ay pinal, maliban kung ang sinumang
7 panig na kabahagi ng pagdinig ay maaaring iapela ang desisyon sa pamamagitan ng
8 paghahain ng aksyong sibil kaugnay ng mga natuklasan at desisyon sa reklamo sa
9 kaukulang proseso.

10 (20 U.S.C. mga seksyon 1415(b)(7)(a)–1415(j); 34 C.F.R. mga seksyon 300.506–300.518;
11 Kodigo ng Edukasyon mga seksyon 56500.3, 56502–56507; 5 CCR seksyon 3082.)

12 13 MGA AKSYONG SIBIL

14 Kayo o ang distrito ng paaralan ay maaaring iapela ang desisyon ng opisyal ng
15 pagdinig sa pamamagitan ng paghahain ng aksyong sibil. Ang apelang ito ay dapat isagawa
16 sa loob ng siyamnapung (90) araw pagkatapos ng petsa ng desisyon ng opisyal ng
17 pagdinig. Sa aksyong sibil, ang mga rekord at transkripsyon ng mga administratibong
18 paglilitis ay ihahain sa hukuman. Maaaring pakinggan ng hukuman ang karagdagang
19 ebidensya sa kahilingan ng alinmang panig at dapat ibase ang desisyong ito sa matibay na
20 ebidensya ng nagsasampa ng kaso (preponderance of evidence). Maaaring ihain ang
21 aksyon sa United States District Court (Hukuman ng Distrito ng Estados Unidos) o sa
22 Orange County Superior Court (Nakatataas na Hukuman ng Orange County).
23 (20 U.S.C. seksyon 1415(i); 34 C.F.R. mga seksyon 300.514, 300.516; Kodigo ng Edukasyon
24 seksyon 56505(k).)

25 26 MGA SINGIL NG ABOGADO

27 Ang United States District Court o ang Orange County Superior Court ay may
28 awtoridad na gawaran ka ng mga makatwirang singil ng mga abogado kung kayo ang
29 nananaig na panig sa pagdinig sa kaukulang proseso o aksyong sibil; o gawaran ang
30 distrito ng paaralan ng mga makatwirang singil ng mga abogado kung ang inyong abogado
31 ay naghain ng reklamo o kasunod na dahilan ng aksyon na walang basehan, hindi

makatwiran, o walang pundasyon, o ang reklamo o kasunod na aksyon ay inihain para mangharas, magdulot ng hindi kinakailangang pagkaantala, o sa hindi kinakailangang paraan ay dagdagan ang gastos sa litigasyon. Ang mga singil na igagawad ay batay sa mga umiiral na bayad sa komunidad kung saan ginanap ang aksyon o paglilitis. Walang singil sa mga abogado ang maaaring igawad sa inyo kasunod ng nakasulat na handog ng pakikipagkasundo mula sa distrito ng paaralan ng hindi bababa sa sampung (10) araw bago ang pagdinig, kung natagpuan ng hukuman o opisyal ng pagdinig na ang remedyong inyong nakuha sa huli ay mas hindi makakabuti kaysa sa nakasulat na handog ng pakikipagkasundo. Ngunit hindi mababawasan ang mga singil ng mga abogado kung lubos kang nakapagpatunay sa pagtanggì sa handog ng pakikipagkasundo, o pinatagal ng distrito ng paaralan ang mga paglilitis sa hindi makatwirang paraan.

Maaaring hindi igawad sa inyo ang mga singil ng abogado at mga kaugnay na gastos kung pinatagal ninyo sa hindi makatwirang paraan ang pinal na resolusyon ng kontrobersiya o ang halaga ng mga singil na hiniling ay hindi makatwiran. Bukod dito, ang mga singil ng abogado o mga kaugnay na gastos ay maaaring hindi igawad para sa panahong ginugol ng abogado sa pagdalo sa mga pagpupulong para sa resolusyon, maliban kung ang pagpupulong ng pangkat ng IEP ay idinaos bilang resulta ng administratibong paglilitis o aksyong panghukuman.

(20 U.S.C. seksyon 1415(i)(3); 34 C.F.R. seksyon 300.517; Kodigo ng Edukasyon seksyon 56507(b).)

MGA ESPESYAL NA PAARALAN NG ESTADO

Ang mga State Special School (Espesyal na Paaralan ng Estado) na pinatatakbo ng CDE ay nagkakaloob ng mga serbisyo sa mga hindi nakakarinig, nahihirapang makarinig, hindi nakakakita, may kapansanan sa paningin, o hindi nakakarinig-hindi nakakakita sa bawat isa sa tatlo nitong pasilidad: ang California Schools for the Deaf (Mga Paaralan ng California para sa mga Hindi Nakakarinig) sa Fremont at Riverside at sa California School for the Blind (Paaralan para sa Hindi Nakakakita ng California) sa Fremont. Ang mga residensyal at pang-araw na programa ng paaralan ay naghahandog sa mga estudyanteng mula pagkapanganak hanggang sa edad na 21 taong gulang sa parehong Schools for the

1 Deaf ng Estado, at mula sa mga edad na lima hanggang 21 taong gulang sa California
2 School for the Blind. Ang mga State Special School ay naghahandog din ng mga serbisyo
3 ng pagtatasa at teknikal na tulong. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga State
4 Special School, mangyaring bumisita sa Web site ng California Department of Education sa
5 <http://www.cde.ca.gov/sp/ss/> o humingi ng higit pang impormasyon mula sa mga miyembro
6 ng pangkat ng IEP ng inyong anak.

7 (Kodigo ng Edukasyon seksyon 56321.6.)
8
9
10

11 **ABISO NG MGA KARAPATAN TUNGKOL SA**
12 **PAGGAMIT NG MGA PAMPUBLIKONG BENEPISYO O SEGURO**

13 Ang abisong ito ay ipinagkakaloob sa inyo bilang mga magulang, legal na tagapag-
14 alaga, kahaliling magulang o hinirang ng hukuman na may hawak ng mga karapatan sa
15 edukasyon, dahil ang inyong anak ay o maaaring tumatanggap ng mga serbisyo ng
16 espesyal na edukasyon sa ilalim ng IDEA. Inaatasan ng IDEA ang mga distrito ng paaralan
17 na magbigay ng paunang nakasulat na abiso ng inyong mga karapatan at proteksyon kapag
18 sinusubukan nitong gamitin ang mga pampublikong benepisyo (iyon ay, Medi-Cal) o seguro
19 ng inyong anak upang magbayad para sa espesyal na edukasyon at mga kaugnay na
20 serbisyo. Ibibigay ang abisong ito sa inyo bago subukan ng distrito ng paaralan na gamitin
21 ang mga pampublikong benepisyo o seguro ng inyong anak sa unang pagkakataon, at taun-
22 taon pagkatapos.

23
24 Sa inyong nakasulat na pahintulot, maaaring magsumite ang distrito ng paaralan ng
25 mga claim sa pampublikong benepisyo o programa ng seguro ng inyong anak gaya ng
26 programang Medi-Cal ng California.

27
28 Hindi kayo maaaring atasan ng distrito ng paaralan na mag-sign up para sa o mag-
29 enrol sa mga pampublikong benepisyo o programa ng seguro upang makatanggap ang
30 inyong anak ng FAPE sa ilalim ng IDEA. Hindi kayo maaaring atasan ng distrito ng paaralan
31 na bayaran ang mga gastusin nang mula sa bulsa gaya ng pagbabayad ng deductible o co-

1 pay. Hindi maaaring gamitin ng distrito ng paaralan ang mga benepisyo ng inyong anak sa
2 ilalim ng mga pampublikong benepisyo o programa ng seguro kung sa paggawa nito ay (1)
3 mababawasan ang makukuhang panghabang-buhay na saklaw o anumang iba pang
4 nakasegurong benepisyo; (2) magdudulot sa inyong magbayad para sa mga serbisyong sa
5 ibang paraan ay magiging saklaw ng inyong mga pampublikong benepisyo o programa ng
6 Seguro dahil kailangan din ng inyong anak ang mga serbisyong iyon sa labas ng mga araw
7 ng pasukan; (3) tataas ang mga premium o mauwi sa pagputol ng inyong mga
8 pampublikong benepisyo o seguro; o (4) magdudulot sa inyong ipagsapalaran ang
9 pagkawala ng pagiging karapat-dapat para sa mga waiver na nakabase sa tahanan at
10 komunidad batay sa inyong kabuuang gastusing nauugnay sa kalusugan.

11 (34 CFR Seksyon 300.154(d)(1)(2)(i)-(v) at (e); Kodigo ng edukasyon seksyon 56363.5.)
12
13

14 Mayroon Kayong Karapatang:

15

- 16 • Boluntaryong bigyan ang distrito ng paaralan ng nakasulat na pahintulot upang
17 isiwalat ang mga rekord na pang-edukasyon na naglalaman ng mga personal na
18 matutukoy na impormasyon ng inyong anak gaya ng mga IEP o mga ulat ng
19 pagtatasa sa Medi-Cal, o iba pang mga pampublikong benepisyo o programa ng
20 seguro para sa mga layunin ng paniningil.
21
- 22 • Iurong ang inyong pahintulot sa pagsisiwalat ng personal na matutukoy na
23 impormasyon ng inyong anak sa Medi-Cal, o iba pang mga pampublikong benepisyo
24 o programa ng seguro sa anumang oras nang alinsunod sa inyong mga karapatan
25 sa ilalim ng Family Educational Rights and Privacy Act (FERPA (Batas sa mga
26 Karapatan at Pagkapribado ng Pamilya Hinggil sa Edukasyon); Titulo 20 ng Kodigo
27 ng Estados Unidos, Seksyon 1232 (g), Titulo 34 ng Kodigo ng mga Pederal na
28 Regulasyon Bahagi 99) at ng IDEA (Titulo 20 ng Kodigo ng Estados Unidos, Seksyon
29 1400), Titulo 34 Kodigo ng mga Pederal na Regulasyon Bahagi 300).
30
31

- Tumangging magbigay ng pahintulot sa pagsisiwalat ng personal na matutukoy na impormasyon ng inyong anak sa Medi-Cal, o iba pang mga pampublikong benepisyo o programa ng seguro para sa mga layunin ng paniningil. Kung wala ang inyong pahintulot, hindi maaaring gamitin ng distrito ng paaralan ang mga pampublikong benepisyo o seguro ninyo o ng inyong anak.
- Ipapatuloy sa inyong anak ang pagtanggap ng FAPE nang walang bayad para sa inyo, kung iuulong ninyo ang pahintulot o tatanggihan ninyo ang pagbibigay ng pahintulot na isiwalat ang personal na matutukoy na impormasyon ng inyong anak sa Medi-Cal, o iba pang mga pampublikong benepisyo o mga programa ng seguro para sa mga layunin ng paniningil.

Kung iuulong ninyo ang inyong pahintulot o tatanggihan ninyo ang pagbibigay ng pahintulot para gamitin ng distrito ng paaralan ang Medi-Cal o iba pang mga pampublikong benepisyo o mga programa ng seguro upang magbayad para sa mga nararapat na espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo, dapat patuloy na tiyakin ng distrito ng paaralan na ang lahat ng iniaatas na espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo ay ipinagkakaloob nang walang bayad para sa inyo.